



Karanasan ng mga Gen Z na Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

DOI [10.5281/zenodo.13954841](https://doi.org/10.5281/zenodo.13954841)

Eva Mae P. Rulona

BSED-4, College of Education, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0002-5953-9724>

Quenie C. Geronimo

BSED-4, College of Education, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0002-1998-9325>

Sydel Camille D. Compo

Faculty, Misamis University, Philippines
<https://orcid.org/0009-0006-8200-3521>

Leizel Joy C. Dabalos

Faculty, Misamis University, Philippines
<https://orcid.org/0009-0000-8697-6992>

Lovelie B. Centino

Faculty, Misamis University, Philippines
<https://orcid.org/0009-0006-2018-5438>

ABSTRAK

Ang mga Gen Z na guro ay kinikilala bilang “*digital natives*” dahil sa kanilang likas na kahusayan sa paggamit ng teknolohiya. Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga karanasan ng mga Gen Z na guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang disenyong ginamit sa kwalitatibong pag-aaral ay *phenomenological* na disenyo. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga guro nga Basic Education Department ng Misamis University na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng panayam gamit ang mga gabay na katanungan na sariling gawa ng mananaliksik. Ang mga datos ay sinuri gamit ang pamamaraan ni Moustakas. Ang pag-aaral na ito ay nagbunga ng mga sumusunod na tema: (1) Makabuluhang karanasan ng Gen Z na guro sa pagtuturo; (2) Pag-angkop sa *Generation Gap*; (3) Kahirapan sa kawalan ng *interes* ng mag-aaral sa pag-unawa ng wikang Filipino. Natuklasan ng mga mananaliksik na ang mga Gen Z na guro ay may positibong karanasan sa makabuluhang pagtuturo ng Filipino sa pamamagitan ng pag-angkop ng estratehiya, ngunit nahaharap din sila sa mga negatibong karanasan tulad ng *generation gap* at kahirapan sa pag-unawa ng wika dulot ng modernong impluwensya at kawalan ng interes ng mga mag-aaral. Para sa mga susunod na mananaliksik, iminumungkahi na magsagawa ng kwantitatibong pananaliksik ukol sa pagpapaunlad sa kasanayan ng pagtuturo ng mga guro.

Mga Susing Salita: *asignaturang Filipino, kahirapan, karanasan, pagkatuto, pagtuturo, wikang Filipino*

INTRODUKSYON

Ang mga Gen Z na guro ay ipinanganak mula 1997 hanggang 2012 na lumaki sa *digital* na panahon kung saan ang teknolohiya ay naging bahagi na ng kanilang pang-araw-araw na buhay. Ayon kina Demirbilek at Keser (2022), ang paggamit ng teknolohiya ay hindi lamang nagpapalawak ng mga estratehiya sa pagkatuto kundi nagpapahusay din ng kalidad ng edukasyon (Mayag-as et al., 2023). Sa kanilang pamilyaridad sa digital tools, nagkakaroon ang mga guro ng kakayahang palakasin ang pagkatuto ng mga estudyante sa makabago at kapaki-pakinabang na paraan.

Sa kabila ng pagsusumikap ng mga guro na mapanatili ang balanse sa kanilang pagtuturo at personal na buhay, marami pa rin ang nahihirapan sa pagtugon sa pangangailangan ng mga estudyante at pag-asikaso ng kanilang mga tungkulin sa administratibong gawain (Sathianwatchai et al., 2021). Ang pangunahing layunin ng guro ay ang matulungan ang mga estudyante na matuto, kaya’t mahalaga ang maayos na pagpapahayag ng kaalaman. Sa ganitong aspeto, ang epektibong pamamaraan ng pagtuturo ay nakatutulong upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang impormasyon (Felonia, 2021). Upang maging kawili-wili ang pagkatuto para sa mga estudyante ng ika-21 siglo, kailangan na gumamit ang mga guro ng mga teknik na akma sa kanilang *interes*, tulad ng panonood at pakikinig (Tangonan et al., 2016). Sa ganitong paraan, mas suportado ang pagkatuto ng mga estudyante sa kabila ng mga negatibong karanasan na kinakaharap ng mga guro.

Ang mga Gen Z na guro ay handa na iangkop ang pagbabago sa pagtuturo sa loob ng klasrum gamit ang teknolohiya. Mahalaga na alam ng guro ang iba’t ibang kagamitan na ibinibigay ng teknolohiya gaya ng *Power Point Presentation*,



Google Classroom at iba pa upang ang mga mag-aaral ay interesado sa pagkatuto at magiging interaktibo ang pag-aaral (Capacio, 2021). Sa naging resulta sa kabisaan ng interaktibong kagamitan, nakatulong ito upang mapadali ang *access* sa mga aralin na nagamit sa pag-aaral (Pacol, 2023). Sa tulong ng midya at teknolohiya ay makapagbabahagi ng awtentikong kagamitang panturo na makatutulong upang mapadali at mapadali ang gawain, maging masigla at kongkreto ang pagkatuto ng mga estudyante sa kanilang lipunang ginagalawan (Cox, 2014).

Ang pagiging malikhain ng mga Gen Z na guro ay mahalaga sa epektibong pagtuturo sa modernong kapaligiran, kung saan ang teknolohiya ay bahagi ng araw-araw. Ayon kay Olawale (2013), ang malikhaing paggamit ng iba't ibang kagamitang panturo ay nagpapataas ng posibilidad na mas matuto ang mga mag-aaral. Ang mga Gen Z na guro ay may pagkakataong i-integrate ang kolaboratibong pamamaraan sa kanilang pagtuturo, na nagiging daan para sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa lipunan. Sa ganitong paraan, nagiging sentro ang mga guro sa makabagong edukasyon na nagtataguyod ng mas mataas na antas ng pagkatuto.

Sa pag-aaral nina Mayag-as et al. (2023), ipinakita na ang Kagawaran ng Edukasyon sa Benguet ay sumusuporta sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo. Ang mga Gen Z na guro, na lumaki sa *digital* na era, ay may kakayahang gumamit ng makabagong kagamitan tulad ng bidyo at *digital* na pag-uulat, na nagpapataas ng aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral (Willmot et al., 2012). Ang paggamit ng teknolohiya ay hindi lamang nagpapalalim ng pag-unawa kundi nagpapataas din ng interes at interaksyon. Ayon nina Quitolbo at Pontemayor (2024), ang mahusay na paghahanda ng kagamitan ay susi sa pagiging epektibong guro, na nagbibigay-daan sa Gen Z na mas mapadali ang kalidad ng pagtuturo at matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay nangangailangan ng mas malalim na pagsusuri kung paano hinaharap ng mga Gen Z na guro sa Misamis University ang karanasan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Mayroong lima (5) o higit pang mga partisipante sa Basic Education Department, Misamis University na nakatuon sa mga Gen Z na guro. Layunin ng pananaliksik na matukoy ang mga karanasan ng Gen Z na mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa pamamagitan ng paglalantad ng mga partikular na karanasan at hamon na makakatulong sa pagpapadali ng estratehiya at suporta para sa mga Gen Z na guro.

Teoritikal na Balangkas

Ang mga sumusunod ay mga teorya na pangunahing pinagbabatayan ng pag-aaral na ito; Teoryang *Experiential Learning* ni John Dewey (1938) at Teoryang *Behaviorism Learning* nina John Watson at B.F. Skinner (1900)

Ang teoryang *Experiential Learning* ni John Dewey (1938) ay nagbibigay-diin sa holistic na paraan ng pagtuturo at pagkatuto, kung saan ang karanasan ay itinuturing na pundasyon ng lahat ng aspeto ng buhay at edukasyon. Sa pananaw na ito, ang *experiential learning*—ang pagsasama ng teoretikal na kaalaman at praktikal na karanasan—ay nagbibigay ng malaking benepisyo sa mga mag-aaral. Ipinapakita ng mga pag-aaral nina Feiman-Nemser & Buchmann, (1985) na ang mga guro na may maraming karanasan ay nagiging mas epektibo sa kanilang pagtuturo, dahil ang kanilang mga karanasan ay nagbibigay ng mas malalim na kaalaman at mas maraming estratehiya sa pagharap sa mga hamon sa klase.

Ayon nina Ryan at Deci (2000), ang motibasyon ay mahalaga sa pag-unawa ng pag-uugali ng tao at kung paano ito hinuhubog ng iba't ibang karanasan. Ang mga guro na aktibong nakikilahok at nagtatamo ng iba't ibang karanasan ay mas natututo kung paano hikayatin at suportahan ang kanilang mga estudyante. Ang karanasan ay hindi lamang humuhubog sa kanilang kakayahang sa pagtuturo kundi nagbibigay din sa kanila ng pagkakataon na makabuo ng mga bagong interpretasyon at estratehiya.

Ang Teoryang *Experiential Learning* ay iniuugnay sa pag-aaral na ito dahil ang mga Gen Z na guro ay nagkakaroon ng iba't ibang karanasan sa pagtuturo sa loob ng silid-aralan. Ang integrasyon ng *experiential learning* sa edukasyon ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga guro na maging bihasa sa kanilang propesyon, lalo na sa pag-angkop ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo. Sa ganitong paraan, naisama ng mga guro ang aktibong pagkatuto, na nagpapalalim sa pag-unawa ng mga estudyante sa mga aralin.

Ang Teoryang *Behaviorism Learning* nina John Watson at B.F. Skinner (1900) ay nakapokus sa kung paano natututo ang mga tao sa pakikipag-ugnayan sa kanilang kapaligiran. Binibigyang-diin ng teoryang ito ang mga reaksyon ng tao, na nagmumungkahi na ang pagtuturo ay nakabatay sa mga panlabas na *stimuli* at sa positibo o negatibong gantimpala. Sa ganitong konteksto, ginagamit ng mga guro ang mga gantimpala at motibasyon upang iangkop ang tamang pag-uugali ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto.

Ang aktibong pag-aaral sa klase ay isang epektibong paraan upang mabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong makisali at matuto sa kanilang sariling pag-aaral, kung saan nagkakaroon sila ng kaugnay na pidbak sa kanilang pagganap (Yengin et al., 2010). Kabilang sa mga estratehiya sa pagtuturo na ginagamit ng mga guro ang kooperatibong aktibidad, malikhaing gawain, *role play*, at paghahanda (Anjaniputra, 2013). Ang mga guro na



gumagamit ng inobatibo at malikhaing estratehiya ay mas mahusay na nakatutugon sa indibidwal na pangangailangan ng kanilang mga estudyante (Main, 2022). Ang pag-ugnay ng teoryang *behaviorism learning* sa mga estratehiyang ito ay nag-aambag sa mas epektibong pagkatuto at pagbuo ng positibong pag-uugali sa silid-aralan.

Ang Teoryang *Behaviorism learning* ay iniuugnay sa pag-aaral na ito dahil ang mga Gen Z na guro ay may natatanging kakayahang *i-integrate* ang mga prinsipyo nito sa kanilang pagtuturo. Ang paggamit ng positibo o negatibong gantimpala ay isang epektibong estratehiya upang makuha ang *interes* ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Sa pamamagitan ng pakikipag-interaksyon, nagkakaroon ang mga guro ng pagkakataong magsagawa ng makabuluhang talakayan. Ang positibong pakikipag-ugnayan at magandang karanasan sa loob ng silid-aralan ay nagiging susi sa matagumpay na proseso ng pagkatuto, na nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at mas mataas na antas ng engagement mula sa mga estudyante.

LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga karanasan ng Gen Z na mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Basic Education, Misamis University.

PAMAMARAAN

Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong pag-aaral na gumamit ng *phenomenological* na disenyo. Ang *phenomenology* ay naglalayong: (1) makakuha ng mas malalim na pag-unawa sa kabuluhan ng pang-araw-araw na karanasan ng mga tao (Polit & Beck, 2018) at (2) pamtatubayan ang pag-unawa sa *phenom* na sadyang nararanasan ng mga tao (Polifront & Welch, 1999). Sa pamamagitan nito ay matutukoy ng mga mananaliksik ang mga karanasan ng Gen Z na mga guro sa pagtuturo sa Misamis University.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa para sa mga guro ng Basic Education Department ng Misamis University. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay limang (5) guro sa Misamis University partikular na sa mga guro ng Basic Education Department na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling* na nakabatay sa krayterya na: (1) Mga Gen Z na guro na nagtuturo sa Pamantasan ng Misamis at (2) nagbigay ng pahintulot na maging bahagi ng pag-aaral na ito.

RESULTA AT TALAKAYAN

Karanasan ng Gen Z na Guro sa Filipino

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang mga karanasan ng Gen Z na mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Tinalakay nito ang mahahalagang tema tungkol sa makabuluhang pagtuturo, *generation gap*, pagharap sa kakulangan ng *interes* ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng wikang Filipino.

Tema 1: Makabuluhang karanasan ng mga Gen Z na guro sa Pagtuturo

Napakalaking papel ang ginagampanan ng mga guro sa lipunan. Sila ang tumutulong at nagbibigay kaalaman sa mga mag-aaral upang matamo ang kanilang minimithi. Kaya naman, nararapat na ang mga guro ay may sapat na kaalaman at kasanayan upang maging epektibo sa kanilang pagtuturo. Isa sa positibong karanasan ng mga Gen Z na guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay ang makabuluhang pagtuturo. Ang mga karanasan na nararanasan ng mga Gen Z na guro ay nakakatulong sa upang mabigyan ang mga mag-aaral ng isang aktibong pagkatuto sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga halimbawa na maaaring maiuugnay ng mga mag-aaral sa kanilang karanasan sa buhay. Binigyang diin nina P1 at P2 ang pag-intindi sa interes ng mga mag-aaral at paggamit ng konektadong estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

"Marami akong naging karanasan bilang isang Gen Z o Millennial na guro sa pagtuturo ng Filipino. Ako ay nakakapagbigay ng mga halimbawa at karanasan na mas nauunawaan ng mga mag-aaral, nagbibigay daan upang lalong maging masigla ang kanilang interes at pagmamahal sa wika at kultura ng Filipino" (P1)

"Naiintindihan ko sila sa paraan na dapat alam ko ang mga hilig nila, ang mga gusto nila. Bilang isang guro dapat unawain ko rin ang mga estudyante ko para hindi maging mahirap ang pagtuturo ng Filipino sa paraan na matutuwa sila at magbigay ng atensyon sa nagtuturo. Marami akong natutunan sa aking mga karanasan at naniniwala ako na mas marami pa akong matututunan sa paglipas ng panahon". (P2)

Isinasaad naman nina P3 at P5 ang aktibong pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Bukod dito, isinaad ni P3 na ang pagtuturo ay *challenging* ngunit naghahanap ng paraan ang guro na magiging epektibo ang mga gawain at talakayan na isinagawa sa loob ng silid-aralan.



"Masasabi kong masaya and at the same time, challenging. Marami rin akong natutunan sa aking mga mag-aaral. Kung sa dahilan ng aking pagtuturo, sa totoo lang ay hindi rin ako sigurado. Pero alam ko sa aking sarili na gusto ko na magkaroon ako ng "impact", maliit man o malaki sa buhay ng aking mga mag-aaral. Pinagsisikapan kong mag-integrate palagi ng mga masisigla at aktibong gawain dahil karamihan sa mga mag-aaral ay may impresyon na "boring" ang Filipino. Nakita ko rin na gusto nila ang "role play" at mga pangkatang gawain" (P3)

"Ang pinakamahalagang pamamaraan na aking ginamit upang mapalapit ang aking mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino ay ang paghihikayat sa kanila ng wikang Filipino lamang ang gagamitin sa loob ng klase. Gayundin, gumagamit ako ng mga pahugot, pabiro, at palaro na may kaugnayan sa paksa upang maengganyo silang mag-aral ng Filipino" (P5)

Natuklasan sa pag-aaral, naging makabuluhan ang pagtuturo ng mga Gen- Z na guro dahil sila ay nasisiyahan sa pamamahala ng talakayan sa loob ng silid-aralan. Pinapatunayan na ang personalidad ng guro sa silid-aralan ay nakaaapekto kung paano nila ipinapakita ang kanilang pakikipag-interaksyon upang mahikayat ang mga mag-aaral na matuto sa talakayan sa pamamagitan ng pabiro, palaro, *role play*, pahugot at iba pa. Ang magandang personalidad ng guro ay nakatutulong upang mas maging aktibo ang mga mag-aaral na matuto sa klase (Cabudbud et al., 2023).

Ayon kina Barberos, Gozalo, at Padayogdog (2019), ang guro ay tagapagdaloy ng kaalaman sa silid-aralan; sila ay may kakayahan at sapat na kaalaman na maibabahagi sa kanilang mga mag-aaral. Alam ng mga guro ang kaibahan ng kaniyang mga mag-aaral at tugunan ang bawat kaibahan ng mga ito. Kung ang isang guro ay epektibo sa kanyang pagtuturo at may tamang pagmamalasakit sa kaniyang mga mag-aaral, ang mga ito ay matututo nang maayos at siguradong magkaroon ng paglago sa kanilang kaalaman. Sinasabing ang pagiging epektibo ng guro sa kaniyang pagtuturo ay direktang nakakaapekto sa pag-unlad at tagumpay ng isang tao (Burroughs, Gardner, Lee, Gou, Touitou, Jansen, at Schmidt, 2019).

Ang paggamit ng iba't ibang paraan o estratehiya sa pagtuturo ay mahalaga upang maging makabuluhan at epektibo ang pagtalakay ng paksa sa loob ng silid-aralan. Ang ganitong mga estratehiya ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makasabay sa iba't ibang aspeto ng kanilang pag-aaral. Upang makamit ang makabuluhang pagtuturo, kinakailangang kilalanin ng guro ang bawat mag-aaral upang malaman kung aling estratehiya ang pinaka-angkop sa kanilang pangangailangan at kakayahan. Ang pag-unawa sa mga pinagmulan ng kaalaman at mga paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay nagbibigay-daan sa guro na iakma ang kanyang pagtuturo, na nagreresulta sa mas epektibong pagkatuto at pag-unawa ng mga estudyante.

Tema 2: Pag-angkop sa Generation gap

Isa sa mga hamon ng mga guro na kabilang sa Generation Z sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay ang pag-angkop sa *generation gap*. Ang agwat ng edad ay isa sa mga nakaaapekto sa pagtuturo sa loob ng silid-aralan dahil hindi lahat ng mga guro ay agad nakakapagsabayan sa mga nais ng mga mag-aaral. Kinakailangan itong tutukan at kontrolin upang magkaroon ng tamang balanse sa relasyon ng mag-aaral at guro sa loob ng silid-aralan. Binigyang diin nina P4, P5 at P1 ang *age gap* na naging negatibong karanasan na hinarap ng mga Gen Z na guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

"Madali ang pagtuturo if hindi gaanong nagkalayo ang agwat ng edad ngunit maaari rin itong maging disadvantage kapag hindi nakokontrol ng guro ang mag-aaral kung paano makikipag-ugnayan" (P4)

"Para sa akin, ito ay nagbibigay hamon o mas challenging bilang isang guro sa Gen Z o Millennial kung saan sinusubukan ang aking kakayahan upang magturo ng may kalidad na naaayon sa kanilang interes sa makabagong henerasyon. Pinakamahalaga sa akin ang pagtuturo upang makatulong sa paghubog ng hinaharap ng mga kabataan at mapalawak ang kanilang kaalaman at kakayahan" (P1)

Natuklasan sa pag-aaral, ang agwat ng edad o generation gap ay isa sa mga hamon ng mga Gen Z na guro. Hindi maitatangi na ang mga guro ay itinuturing nang kaibigan ng mga mag-aaral dahil sa maliit na agwat ng edad, kung saan minsan ay nawawala ang respeto o ang mag-aaral ay nagiging walang galang sa kanilang guro. Ang ganitong pag-uugali ng mga mag-aaral ay maaaring makaapekto sa tiwala sa sarili ng mga guro at sa proseso ng pagbuo ng magandang relasyon sa silid-aralan (Jones et al., 2022). Ang isang guro na may sariling pamamaraan, na nagmula sa kaniyang nakaraan, ay maaaring magmukhang pasaway sa mata ng batang mag-aaral, hindi ginagalang ang sinasabi ng guro, at hindi nakikinig sa klase. Ang kakulangan sa pag-unawa sa saloobin at paniniwala ng mga guro ay maaaring magdulot sa mga mag-aaral na isipin na mahigpit o kakaiba ang kanilang mga guro (Cuza, 2021).

Ang relasyon ng mag-aaral at guro ay madalas na naapektuhan dahil sa kanilang agwat ng edad at pagkakaiba ng henerasyon. Ang pagkakaroon ng agwat ng edad ay may magkahalang epekto sa pagtuturo at pagkatuto. Sa ilang pagkakataon, ito ay nagdulot ng positibong epekto sa proseso ng edukasyon, ngunit maaari rin itong magdulot ng hindi pagkakaunawaan at kawalan ng respeto. Upang mapanatili ang respeto at epektibong pagtuturo sa loob ng silid-aralan, kinakailangang mag-adjust ang mga guro at maghanap ng tamang balanse. Ang pag-unawa sa mga



pagkakaibang ito at ang pag-aangkop ng mga estratehiya sa pagtuturo ay susi upang mapanatili ang magandang relasyon at mapabuti ang karanasan ng mag-aaral sa pagkatuto.

Tema 3: Kahirapan sa kakulangan ng *interes* ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng wikang Filipino

Ang kahirapan sa kakulangan ng *interes* ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng wikang Filipino ay isa rin sa mga negatibong karanasan ng mga Gen Z na guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Sa paglipas ng panahon, mas aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral sa klase kapag Ingles o wikang banyaga ang ginagamit sa talakayan. Nawawala ang *interes* ng mga mag-aaral sa Filipino dahil mas interesado silang pag-aralan ang mga modernong kultura tulad ng *K-pop*, *anime*, at *K-drama*. Isa pang hamon para sa mga guro ay ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng wikang Filipino. Dahil sa pagbabago at pag-unlad ng bansa, marami ang nahihirapang gamitin at intindihin ang sariling wika. Makikita sa sagot ng mga kalahok na mas bihasa ang kanilang mga mag-aaral sa Ingles, kaya limitado ang kanilang kaalaman sa malalim na mga salitang Filipino. Dahil dito, nahihirapan ang mga mag-aaral unawain ang Filipino at nawawala ang kanilang interes sa asignaturang ito. Binigyang diin ni P2, P3 at P4 ang kahirapan at kawalan ng interes ng mga mag-aaral na matuto sa asignaturang Filipino.

"Marami. Isang malaking hamon ang makisabay sa kanila at mahirap ituro sa kanila ang asignaturang Filipino sapagkat ang iba ay madaling mabagot. Ang kabuuang karanasan ko ay hindi madali ang maging guro dahil iba-iba sila ng interes. Pero isa sa tumutulak sa akin na magturo ay ang aking kagustuhan na maging parte ako ng kanilang paglalakbay tungo sa kanilang tagumpay" (P2)

"Masasabi ko na paunti nang paunti ang mga mag-aaral na may malaking interes sa asignaturang Filipino dahil mas exposed sila sa Ingles. Marami rin ang hindi nakauunawa ng wikang Filipino" (P3)

"Ang kawalan ng interes o hindi gaanong pamilyar sa Filipino o mas gusto ang ibang wika ay isa sa mga hamon. Tinugunan sa pamamagitan ng paggamit o pag-incorporate, apply ng teknolohiya sa klase. May mga pagkakataon na mahihirap lalo na ang mga mag-aaral na close-minded o hindi gaanong expose sa paggamit ng Filipino. Ang modernisasyon sa pagtuturo ay mahalaga upang makapagsabayan ang mga mag-aaral at hindi mapag-iwasan ng inobasyon" (P4)

Nawawalan ng interes ang mga mag-aaral sa asignaturang Filipino dahil mas binibigyang-pansin nila ang mga bagong *trend* at wikang banyaga. Mas nakatuon ang mga mag-aaral sa mga *trends* na nakikita sa teknolohiya, kaya't nahihirapan ang mga guro na magturo ng Filipino dahil sa pagkakaiba ng interes. Ayon kay Royo (2018), hindi na pinapahalagahan ng mga mag-aaral ang asignaturang Filipino at mas pinipili ang Ingles. Kinakailangan ng mga guro na magkaroon ng mabisang estratehiya upang maibalik ang pagmamahal sa sariling wika (Lopez, 2021).

Ang kahirapan sa pag-unawa ng wikang Filipino ay isang malaking hamon para sa mga Gen Z na guro, lalo na ang mga mag-aaral ay mas *exposed* sa wikang Ingles dahil sa makabagong panahon. Ang globalisasyon ay nagpalakas sa Ingles bilang wika ng pakikipagkalakalan, na nagdudulot ng masamang epekto sa kahalagahan ng sariling wika (Bolatin, 2019). Bumaba ang kaalaman ng mga kabataan sa pagsasalita ng wikang Filipino dahil sa paggamit ng Ingles bilang midyum ng pagtuturo (Aquilon, 2020). Mas interesado ang mga kabataan sa wikang banyaga kumpara sa wikang Filipino dahil sa pagtangkilik sa kultura at lengguwahe ng ibang bansa (Enriquez, 2021).

Nahihirapan ang mga Gen Z na guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino dahil hindi bukas ang isip ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng kanilang sariling wika, mas nakatuon sila sa wikang banyaga tulad ng Ingles na kanilang tinitingnan bilang mas kapaki-pakinabang para sa kanilang hinaharap tulad ng paghahanap ng trabaho. Upang mapagtagumpayan ito, kinakailangan ng mga guro na gumamit ng iba't ibang estratehiya sa pamamahala ng talakayan sa loob ng klase, tulad ng pagbibigay ng malinaw na *classroom rules* at paglikha ng interaktibong talakayan na nagdadala sa mga mag-aaral sa totoong sitwasyon upang mapukaw ang kanilang interes. Ang isang epektibong guro ay dapat magkaroon ng tiyaga upang maibahagi ang kaalaman sa mga mag-aaral. Kung ang mga pamamaraan ng guro ay naaangkop sa kanilang pagtatalakay at sa pangangailangan ng mga mag-aaral, mas magiging madali at epektibo ang pagkatuto, kahit na ang marami sa kanila ay hindi gaanong nakakaintindi ng mga salitang may malalim na kahulugan sa wikang Filipino.

KONKLUSYON

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, narito ang konklusyon:

Ang makabuluhang karanasan ng Gen Z na guro sa pagtuturo, pag-aangkop sa *generation gap*, at pkahirapan sa kakulangan ng *interes* ng mga mag-aaral sa wikang Filipino ay ang mga karanasan ng mga Gen Z na guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang kanilang pagtuturo ay naging makabuluhan sa pag-uugnay ng mga aralin sa totoong buhay ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang hindi nagkakalayong agwat ng edad sa pagitan ng mga guro at estudyante ay nagdudulot ng kakulangan ng paggalang, habang ang limitadong kaalaman ng mga gmag-aaral sa wikang Filipino ay nagiging hadlang sa epektibong pagtuturo.



TALASANGGUNIAN

- Acebes, L. C., Achas, R. R., Bulanadi, V. R., Dacillo, A. A., & Pulvira, C. M. L. (2024). Estratehiya Sa Pagtuturo Ng Asignaturang Filipino Ng Mga Piling Guro Sa Senior High School Sa Panuruang Taon 2022-2023. *Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research*, 3(2). Retrieved from <https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcjpmra/article/view/13486>
- Adkins, A. H. (2023). *How Generation Z Teachers Experience Enhancers and Inhibitors to Teacher Retention in South Carolina's Public Schools* (Doctoral dissertation, Converse University).
- Adu, E. O., & Zondo, S. S. (2022). Chronicling teacher's experiences in the teaching of economics in the covid-19 era. *International Journal of Research in Business and Social Science, Suppl. SPECIAL ISSUE*, 11(8), 290-297. doi:<https://doi.org/10.20525/ijrbs.v11i8.2078>
- Anjaniputra, A. G. (2013). Teacher's strategies in teaching speaking to students at secondary level. *Journal of English and Education*, 1(2), 1-8.
- Aquilon, K. (2020). Pagkalimot ng Kabataan Sa Wikang Filipino. https://www.tumblr.com/kanoaaki/628658762081779712/pagkalimot-ng-kabataan-sa-wikang-filipino?fbclid=IwAR1oCC1siXk_ZfwizjvZaOeGgZg4S3YUVYODlfO8LtoXJKe02HbjZAN3SgQ
- Balmaña, M. J. C., Bonagan, A. N., Bispo, B. P. L., Montuerto, J. C., Punay, J. M. G., & Ablen, A. S. (2019). Epektibong Paggamit ng Awdyo-biswal sa Pagtuturo ng Filipino sa ika-10 Baitang ng Mataas na Paaralan ng Bagong Silang. *Ascendens Asia Singapore–Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research*, 1(1).
- Banda, K. B. (2022, August). *An Exploration of Latinx Generation Z Secondary Teachers' Lived Experiences, Motivations, and Retention Factors to Teach in the Rio Grande Valley*. https://www.proquest.com/openview/8383400e7394035c2e977c95b2596db0/1?cbl=18750&diss=y&fbclid=IwAR1ofJa-QAEaHN78ftuss6KMGdTbC_506--ryYf8VGKqDFqcZGXcbR2ty5k&pq-origsite=gscholar
- Bolatin, M. A., Lacemento, J., Salcedo, M. A. (2019). EPEKTO NG PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO AT WIKANG INGLES SA LARANGAN NG PAGTUTURO AT PAGKATUTO. <https://www.scribd.com/document/406345744/Epekto-Ng-Paggamit-Ng-Wikang-Filipino-at-Wikang-Ingles-Sa-Larangan-Ng-Pagtuturo-at-Pagkatuto?fbclid=IwAR2kcpAtmP942kWCNeQgt9pg4T1abUNNgKpl5kZVXpp6hr47TO-35Bbbf4>
- Boonmoh, A., Jumpakate, T., & Karpklon, S. (2021). Teachers' perceptions and experience in using technology for the classroom. *Computer-Assisted Language Learning Electronic Journal*, 22(1), 1-24.
- Cabigao, J. R. (2021). Class Observation Post Conference Framework for Teachers. *IJAMR*
- Capacio, L. J. A., Celesio, G. A., & Naparan, G. B. (2021). Teachers' experiences in online teaching and learning modality. *EduLine: Journal of Education and Learning Innovation*, 1(1), 59-75.
- Cinquini, J. A. (2022, May 1). Why Multiple Teaching Strategies Should Be Implemented in the Classroom. California State University, Chico; Liberal Studies Program.
- Cox, C. (2014). 21st century skills and principles of flow in the foreign language classroom. [Master's thesis, Brigham Young University].
- Cuza A., (2021) Bridging the Generation Gap by learning from our students *Twinkle Star*. Available at: <https://twinklestar.ro/bridging-the-generation-gap-by-learning-from-our-students/>.
- Department Order (D.O) no. 008, series of 2020. Guidelines on enrollment for school year 2020-2021 in the context of the public health emergency due to COVID-19.
- Estrabo, N. (2019). Pagpapataas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Pangungusap ng mga Mag Aaral sa Wikang Filipino Gamit ang Mi-Activity Sheets sa Ikalawang Baitang TA 2017-2018. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*,3(2F). https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/8987?fbclid=IwAR2aMcdNGwziVNWhNt2M_swJYMkkQ3RjXBOHSTFANtmajnselE9TH4TcLo
- Feiman-Nemser, S., & Buchmann, M. (1985). Pitfalls of experience in teacher preparation. *Teachers College Record*, 87(1), 53-65.
- Felonia, M. (2021). Mga Pamamaraan at Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino sa Panahon ng Pandemya. https://www.researchgate.net/publication/353543257_Mga_Pamamaraan_at_Kagamitan_sa_Pagtuturo_ng_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya?fbclid=IwAR34X7AHmPjChDnhUZyxM0KZX828-uo457_YhzY7TwK_MGIrROpaPbAB3ac
- Gloria, A. R. (2021). Paglinang ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino sa panahon ng pandemya. *Research gate* https://www.researchgate.net/publication/353443547_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya.
- Harjanto, A. S., & Sumarni, S. (2021, April). TEACHERS' EXPERIENCES ON THE USE OF GOOGLE CLASSROOM. In *English Language and Literature International Conference (ELLiC) Proceedings* (Vol. 3, pp. 172-178).
- Hernandez-de-Menendez, M., Escobar Díaz, C. A., & Morales-Menendez, R. (2020). Educational experiences with Generation Z. *International Journal on Interactive Design and Manufacturing (IJIDeM)*, 14, 847-859.
- Hernando, J., Cabudbud, G. F., Mangente, R., & Perez, J. (2023). Epekto ng Kakayahan sa Pagtuturo sa Kaganyakan ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Asignaturang Filipino Dulot ng Pandemya. *Tinubdan*, 16(1), 48-74.



- Hernando, J., Cabudbud, G. F., Mangente, R., & Perez, J. (2023). Epekto ng Kakayahan sa Pagtuturo sa Kaganyakan ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Asignaturang Filipino Dulot ng Pandemya. *Tinubdan*, 16(1), 48–74. Retrieved from <https://ieesjournals.com/index.php/tinubdan/article/view/86https://ieesjournals.com/index.php/tinubdan/article/view/86/82>
- Josephine J, Jones L. (2022) Understanding the Impact of Generation Gap on Teaching and Learning in Medical Education: A Phenomenological Study. *Adv Med Educ Pract.*2022;13:1071-1079 <https://doi.org/10.2147/AMEP.S370304>
- Lopez, J., Alquizola, A.M. and Yap, R.M. (2018) *ESTILO NG PAGTUTURO NG MGA GURO AT ANG AKTIBONG MOTIBASYON NG MGA MAG-AARAL*. Available at: https://www.academia.edu/44377640/ESTILO_NG_PAGTUTURO_NG_MGA_GURO_AT_ANG_AKTIBONG_MOTIBASYON_NG_MGA_MAG_AARAL.
- Lopez, R.V. (2021) *Pagtuturo ng Asignaturang Filipino Ngayong Online Class*. Available at: <https://www.studocu.com/ph/document/university-of-cagayan-valley/secondary-education/pagtuturong-asignaturang-filipino-ngayong-online-class-copy/31854377> (Accessed: December 2021).
- Main, P (2022, January 04). Teaching and Learning Strategies: A classroom guide. Retrieved from <https://www.structural-learning.com/post/teaching-and-learning-strategies-a-classroom-guide>
- Malaluan, Y. E. S. M., Tuanda, R. K. O., Gaviola, S. J. P., Econar, P. B. S., Tejano, L. H. A., Juanite, L. K. Q., & Gaddi, J. A. G. (2024). EPEKTO NG DAYUHANG IMPLUWENSIYA SA WIKA AT KULTURA NG MGA MAG-AARAL SA IKALABING-ISANG BAITANG. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 2(5), 1102–1120. <https://doi.org/10.5281/zenodo.11188881>
- Mayag-as, R. B., Tomas, R. A. L., Hidalgo, B. L., Ngawa, R. S., & Fernandez, N. A. (2023). KAALAMAN NG GURO SA PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO.
- Miryala, R., & Chiluka, N. (2012). Work-life balance amongst teachers. *The IUP Journal of Organizational Behavior*, 11(1), 37–50.
- Noval, A. (2021). Ang Guro bilang Frontliner: Karanasan ng mga Guro sa Filipino sa Panahon ng Pandemya. *The Normal Lights*, 15(2).
- Olawale, S. (2013). The use of instructional materials for effective learning of islamic studies. *Jihāt al-Islām*, 6(2).
- Pacol, J. (2023). E-BAKADA: Interaktibong Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino bilang Ikalawang Wika ng mga Banyagang Estudyante. *The Normal Lights*, 17(2).
- Parker, K., & Igielnik, R. (2022, March 4). What we know about gen Z so far. Pew Research Center's Social & Demographic Trends Project. Available at: <https://www.pewresearch.org/social-trends/2020/05/14/on-the-cusp-of-adulthood-and-facing-an-uncertain-future-what-we-know-about-gen-z-so-far-2>.
- Perangin-Angin, M. R., Lumbanraja, P., & Absah, Y. (2020). The effect of quality of work life and work engagement on employee performance with job satisfaction as an intervening variable in PT. Mopoly Raya Medan. *International Journal of Research and Review*, 7(2), 72–78. https://www.ijrrjournal.com/IJRR_Vol.7_Issue.2_Feb2020/IJRR0010.pdf
- Qui, W., Rutherford, S., Mao, A., & Chu, C. (2016-2017). *Health, Culture and Society*, 9(10). <https://doi.org/10.5195/hcs.2017.221>
- Roger C. Villegas. (2022). PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL KAUGNAY NG KOLABORATIBONG PANG-AKADEMIKO AT UGNAYANG SOSYAL. *Journal of Intellectual Property and Human Rights*, 1(2), 19–28. Retrieved from <https://journals.academiczone.net/index.php/jiphhr/article/view/40>
- Royo, J.L. (2017) *Mga Saloobin at Suliranin ng mga Mag-Aaral sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino sa Ateneo De Davao High School*. Available at: <https://www.scribd.com/document/369319620/Mga-Saloobin-a-t-Suliranin-ng-mg-a-Mag-Aaral-sa-Pagkatuto-ng-Asignaturang-Filipino-sa-Ateneo-De-Davao-High-School>.
- Schmidt, Margaret. (2010). Learning From Teaching Experience: Dewey's Theory and Preservice Teachers' Learning. *Journal of Research in Music Education*. 58. 131-146. 10.1177/0022429410368723.
- Silva, J. P. D., & Fischer, F. M. (2020). Understudied school teachers' work/life balance and everyday life typologies. *Chronobiology International*, 37(9-10), 1513-1515
- Tangonan, R., Villanueva, V., & Zamora, N. (2016). Special Filipino curriculum (SFC): isang mungkahing kurikulum sa Filipino para sa banyagang estudyante. *The Normal Lights*, 10(20)
- Villegas, R. C. (2022). PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL KAUGNAY NG KOLABORATIBONG PANG-AKADEMIKO AT UGNAYANG SOSYAL. *Journal of Intellectual Property and Human Rights*, 1(2), 19-28.
- Virola, R.I. (2019). Free education in the Philippines: A continuing saga. *International Journal of Advanced Engineering Management and Science*, 5(4), 238-249. Volume 5. 256-258.
- Yengin, I., Karahoca, D., Karahoca, A., & Yücel, A. (2010, January 25). Elsevier Ltd; Google Scholar.
- Zamora, N. (2016). Pagtataya sa modularisasyon ng K-12 sa asignaturang Filipino: Tungo sa pagbuo ng modelo ng ebalwasyon para sa kagamitang panturo na tutugon sa ika-21 siglong kasanayan. *The Normal Lights*, 10(1), 207-236.